ANG **Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LVI Blg. 24
Disyembre 21, 2025
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

Malalim na krisis at maigting na mga pakikibaka nitong nagdaang taon

Lalong sumidhi nitong nakaraang taong 2025 ang krisis sa ekonomya at pulitika ng naghaharing sistema, ibayong tumindi ang panghihimasok militar ng imperyalismong US at sumahol ang panlipunang kalagayan ng mayorya ng sambayanan. Kasabay nito, umigting ang mga pakikibaka laban sa korapsyon at pasismo na rehimeng US-Marcos.

Naging tahasan ang bangayan ng mga naghaharing uri, partikular ang salpukan ng magkaribal na pangkating Marcos at Duterte. Isinampa ng Mababang Kapulungan noong Pebrero ang kasong *impeachment* laban kay Sara Duterte, subalit tumirik ang kaso nang sagkaan mismo ni Ferdinand Marcos Jr ang pagdinig sa Senado. Noong Marso, nakipagtulungan si Marcos sa Interpol sa pag-aresto at pagkulong sa The Netherlands sa dating presidenteng si Rodrigo Duterte sa bisa ng mandamyento ng International Criminal Court. Doon siya lilitisin sa mga krimen sa sangkatauhan dahil sa maramihang pagpatay sa "war on drugs."

Ginanap noong Mayo ang eleksyon sa senado, kongreso at lokal na gubyerno. Garapal ang dayaan at manipulasyon ng resulta. Sinalamin nito ang tunggalian at akomodasyon ng iba't ibang pangkatin ng naghaharing uri, at pakikialam ng imperyalismong US. Habang nananatiling buo ang suporta ng US kay Marcos, ipinupwesto na rin nito ang kanyang mga reserbang kabayo para sa pagtakbo sa 2028.

Walang kapantay ang panghihimasok militar ng US sa buong taon. Sa pakikipagsabwatan sa rehimeng Marcos at gamit ang Armed Forces of the Philippines (AFP), binuksan ang bagong mga base at pasilidad militar. Naglagak ang US ng karagdagang mga sandatang pandigma sa Pilipinas. Walang patid na isinagawa ang mapanulsol na mga ehersisyong militar sa loob at paligid ng South China Sea, sa kapinsalaan ng mga mangingisdang Pilipino.

Lalong umigting ang salpukan ng mga naghaharing uri matapos malantad ang malalaking kaso ng korapsyon kaugnay ng maaanomalyang mga *flood control project* at kontrata sa mga proyektong pang-imprastruktura. Sumambulat ang galit ng taumbayan sa gabundok na salapi na ibinubulsa ni Marcos at ng mga korap na upisyal ng gubyerno.



Dumaluyong sa buong bansa ang malawak na kilusang protesta laban sa korapsyon at burukratang kapitalismo. Sa loob ng dalawang buwan mula Setyembre, tuluy-tuloy ang mga *walkout* at rali ng mga estudyante sa iba't ibang kampus. Nabuo ang malalapad na alyansa ng mga pwersang anti-korapsyon sa iba't ibang sektor at lugar, kahit pa may ilang pwersang sadyang inilalayo ang galit ng taumbayan kay Marcos.

Sa gitna ng pagtatangkang pagtakpan ang papel ng Malacañang sa mga anomalya sa pamama-

gitan ng palabas na "imbestigasyon," ibinunyag ng mga sangkot sa korapsyon na mismong si Marcos ang utak at tumanggap ng pinakamalaking kikbak sa daan-daang bilyong pisong mga proyektong pang-imprastruktura. Hindi nagtagal, umalingawngaw ang sigaw para sa pagbibitiw o pagpapatalsik kay Marcos at Duterte.

Ang kilusan laban sa korapsyon ay sumiklab sa gitna ng patuloy na paglalim ng krisis sa ekonomya, pagdausdos ng kalagayan ng malawak na masa ng sambayanan, at kaliwa't kanang mga programa at hakbangin ng rehimeng Marcos na pahirap sa bayan.

Malawak ang disgusto ng mamamayan sa harap ng mababang sahod ng mga manggagawa, kawalan ng trabaho, halos linggo-linggong pagtaas ng presyo ng langis, mataas na singilin sa palpak na mga serbisyo sa tubig, kuryente at transportasyon, *jeepney phaseout*, pribatisasyon ng mga palengke, mapangwasak sa kalikasan at kabuhayan na reklamasyon sa dagat, pangangamkam sa lupa, pagpapalayas sa mga magsasaka at iba pang pasakit. Huwad ang sinasabing kapayapaan sa gitna ng masidhing paniniil at pagpapahirap sa taumbayan.

Malawak ang panawagan para sa ₱1,200 arawang minimum na sahod. Naging tampok ang ilang welga ng mga manggagawa at pagkilos ng iba't ibang sektor sa iba't ibang lugar para ipaglaban ang kanilang kapakanan. Papalawak at paparami ang tumitindig laban sa pasistang panunupil ng rehimeng Marcos. Marami ang napukaw sa pagtatanghal ng mga progresibong partido sa pambansa-demokratikong programa sa paglahok sa eleksyon. Ang pagpupunyagi sa pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa ay tiyak na iipon at bubwelo sa mga darating na panahon.

Sa harap ng malalim na krisis at maiigting na pakikibaka, at bunga ng kilusang pagwawasto, tuluy-tuloy na nakapagpapalakas ang Partido at mga rebolusyonaryong pwersa. Tuluy-tuloy na itinataas ang antas sa teorya at praktika sa pamamagitan ng kilusang pag-aaral. Pinalaganap ng Partido ang pag-aaral sa burukratang kapitalismo bilang gabay sa pag-unawa ng taumbayan sa tumampok na usapin ng korapsyon.

Pinalalakas ang mga lihim na rebolusyonaryong organisasyong masa sa kalunsuran ng mga manggagawa, magsasaka, kabataan, guro, alagad ng sining, siyentista, mga duktor, nars at manggagawang pangkalusugan, taong-simbahan, mga migranteng Pilipino, at iba pang mga sektor. Habang nagpopropaganda para sa demokratikong rebolusyong bayan, paparami ang nagpapasyang lumahok sa armadong pakikibaka at rebolusyonaryong kilusang magsasaka sa kanayunan.

Sa kanayunan, tuluy-tuloy na sumusulong ang mga pakikibakang magsasaka sa pagtatanggol ng kanilang lupa at kabuhayan laban sa mga mangangamkam, laban sa pahirap na mga patakaran ng rehimeng Marcos at pasistang panunupil ng mga armadong galamay nito. Tampok ang mga barikada at ibang anyo ng pagkilos sa ilang lugar. Pinalalakas ang mga sangay at komite ng Partido, binubuo ang mga rebolusyonaryong samahang masa ng mga magsasaka, kabataan at kababaihan, ang kanilang mga yunit milisya at yunit pananggol-sa-sarili, habang nagpupunyagi ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa gawaing masa at pakikidigmang gerilya.

Sa pamumuno at katuwang ng Partido, tuluy-tuloy ang BHB sa pagpapalawak at pagpapalalim ng baseng masang magsasaka. Taglay ang malawak nitong suporta, kalakhan ng mga yunit ng BHB ay nakapagpreserba ng lakas sa pagharap sa walang patid na mga operasyong kombat ng AFP. Paparami ang mga tagumpay sa aktibong pagdepensa, taktikal na opensiba at pagparusa sa mga pusakal na traydor at pasista. Tuluy-tuloy ang pagrerekrut at pagsasanay ng mga bagong Pulang mandirigma at kumander.

Sa harap ng sumisidhing krisis ng naghaharing sistema, at sa pundasyon ng kilusang pagwawasto, nakatanaw ang Partido sa ibayong pagpapalakas at pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa darating na mga taon. Determinado ang Partido na pamunuan ang malawak na masa sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan at pagkamit ng mga tagumpay sa buong bansa. AB

ANG Bayan

Tomo LVI Blg. 24 | Disyembre 21, 2025

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

Nilalaman

Editoryal: Malalim na krisis at maigting na mga pakikibaka nitong nagdaang taon 1
Mga aksyon ng BHB sa Negros at Samar 3
Tigil-putukan sa Pasko at Bagong Taon ng PKP 3
Tuluy-tuloy na konsolidasyon sa Negros 4
Pakikibakang manggagawa 4
Hamon ng CNL para sa katarungan 5
Sabwatang burgesyang kumprador at burukrata 6
Sa madaling salita 7
Pakikibaka para sa karapatang-tao 8
3-taong pagkamatay ni Ka Joma, ginunita 9
MSP-NCR, naglunsad ng asembliya 9
Mga magsasaka at katutubo, pinalalayas 9
Araw ng mga migranteng manggagawa 10
Brutalidad ng militar at pulis 10
Aregluhan ng pondong “pork” sa badyet 2026 10
Pinsala at ligalig ng gerang imperyalista 11
Di magagapi ang rebolusyon sa India 12

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Mga aksyon ng BHB sa Negros at Samar

Limang armadong aksyon ang inilunsad ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa isla ng Negros at Samar sa nagdaang mga linggo. Kabilang sa mga ito ang pagtarget sa mga aset paniktik ng militar at nag-ooperasyong mga pulis.

Sa Negros Occidental, napatay si Police Senior Master Sergeant Rommel Aguilar nang makipagputukan ang mga pulis sa isang tim ng BHB-Northern Negros (Roselyn Jean Pelle Command). Nasamam sa kanya ang isang 9mm pistola at mga bala. Nakasalubong ng BHB ang grupo ng mga pulis sa Purok 5, Barangay Lagaan sa Calatrava noong Disyembre 7. Paatras noon ang mga Pulang mandirigma mula sa aksyong militar laban kay Mando Ugdiman, isang aset paniktik ng militar, sa Sityo Tagda, Barangay Dolis. Nasamsam kay Ugdiman ang isang .45 pistola, mga bala at iba pang kagamitang pandigma.

Noong Disyembre 13, patay ang aset paniktik na si Amay Jimenez sa Sityo Makilo, Barangay Camansi, Kabankalan City sa operasyon ng BHB-Southwest Negros (Armando Sumayang Jr Command). Sangkot si Jimenez sa pagtukoy sa lokasyon at pagplano ng pagpatay noong Nobyembre 2022 sa kapatid niyang lider magsasaka na si Joseph Jimenez at konsultant pangkapayapaan ng National Democratic Front of the Philippines na si Ericson Acosta. Isa pang aset paniktik ang pinarusahan sa Sipalay City noong Disyembre 4.

Depensang kagila-gilalas

Sa Samar, dalawang sundalo ng Intelligence Service of the AFP (ISAFP) at Military Intelligence Batallion (MIB) sa ilalim ng 8th ID ang napatay sa armadong engkwentro sa BHB-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command) sa Barangay Babaclayon, San Jose de Buan. Naganap ang labanan ala-1:32 ng madaling araw noong Disyembre 3.

Ayon sa ulat ng BHB, dalawang mandirigma nito ang nasa komunidad para konsultahin ang masang sinasalanta ng militarisasyon ng mga sundalo. Hindi bababa sa 20 tropang militar ang tatlong araw nang nag-ooperasyon sa naturang komunidad nang araw na iyon.

Pinalibutan ng mga operatibang paniktik ng militar ang bahay na kanilang tinuluyan at pilit silang pinasusuko. Sa harap nito, siniguro ng mga Pulang mandirigma ang kaligtasan ng mga sibilyan, at ligtas na pinalabas ng bahay ang buong pamilya. Pinaputukan ng isang Pulang mandirigma ang mga sundalo na kanilang ikinagulat. Sa mismong harapan ng mga kaaway dumapa ang Pulang mandirigma habang nagpapaputok ng kanyang dalang pistola. Dalawang pasistang tropa ang napatay sa harapang labanan. Para makalayo, tumalon ang dalawang Pulang mandirigma palabas ng bahay habang pinapaputukan ng kaaway. Nasugatan ang isa sa mga mandirigma. AB

Tigil-putukan sa Pasko at Bagong Taon, idineklara ng PKP

Nagdeklara ng apat na araw na tigil-putukan ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) bilang pakikiisa sa mga tradisyunal na pagdiriwang ng masang Pilipino. Inatasan ng Komite Sentral ng Partido ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) na ipatupad ito mula 00:00 ng umaga ng Disyembre 25 hanggang 23:59 ng gabi ng Disyembre 26 at mula 00:00 ng umaga ng Disyembre 31 hanggang 23:59 ng gabi ng Enero 1, 2026.

Ayon sa pamunuan ng Partido, pagbibigay-daan ang tigil-putukan sa mga simpleng pagdiriwang ng mga Pilipino sa harap ng malubhang kalagayang panlipunan at pang-ekonomya sa ilalim ng rehimeng Marcos. Pagkakataon din ito ng rebolusyonaryong kilusan, kasama ang mamamayan, para ipagdiwang ang ika-57 anibersaryo ng Partido sa Disyembre 26.

Sa pagpapatupad ng tigil-putukan, inatasan ng Komite Sentral ang mga yunit ng BHB na mag-aktibong depensa laluna sa harap ng panananlasa ng walang tigil na mga operasyong kombat ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Dapat umanong mahigpit na makipagtulungan ang mga yunit ng BHB sa masa para maipatupad ito. "Dapat rin silang parating handa na magmaniobra o maglunsad ng kontra-atake sa panahong kinakailangan ng kalagayan," ayon sa Komite Sentral.

Kaagad na kinontra ng AFP at Department of National Defense ang isang-panig na tigil-putukan ng Partido at hukbong bayan. Ayon sa Partido, ang pahayag na ito ng mga tauhan ng rehimeng Marcos ay nagpapatunay sa uhaw-sa-dugong katangian ng kanyang armadong pwersa at balak na gambalain ang mapayapang mga pagdiriwang ng masang Pilipino.

"Walang ibang nais iregalo si Marcos sa mamamayan sa darating na mga tradisyunal na pagdiriwang kundi bala at bomba sa pag-aatas nito sa AFP at mga pulis na maglunsad ng walang tigil na mga operasyong kombat sa kanayunan," ayon kay Marco Valbuena, upisyal sa impormasyon ng Partido

Samantala, binatikos ng Partido ang ipinakalat ng Philippine Army na paglabag ng BHB sa tigil-putukan sa labanang naganap sa Northern Samar noong Disyembre 15, gayong di pa ito saklaw ng deklarasyon. AB

Koresponsal

Kilusang Pagwawasto: Tuluy-tuloy na konsolidasyon ng Partido at BHB sa Negros

Sa gitna ng masinsing operasyong militar, nagpupunyagi ang rebolusyonaryong kilusan sa Negros sa pagsusulong sa kilusang pagwawasto. Tuluy-tuloy itong nagsisikap na konsolidahin ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) at ang Partido. Nagdadaos ito ng kolektibong mga pag-aaral ng antas-antas na kurso ng Partido at mga pagsasanay-militar.

Kamakailan, naidaos sa isla ang intermedyang kurso sa Partido sa "staggered" o baha-bahaging paraan. Dinaluhan ito ng mga kadre at upisyal militar. Ligtas na natapos ang buong kurso na tumagal ng kabuuang 54 oras. Laman ng pag-aaral ang dagdag na mga prinsipyong gabay sa pagpapasigla ng gawaing masa at pagpapatupad ng mga rebolusyonaryong gawain sa balangkas ng kilusang pagwawasto.

Matagumpay din ang pagtatapos ng mga kadre't upisyal ng BHB sa pag-aaral at pagsasanay sa pinaiksing kurso sa gawaing paniktik. Tatlo at kalahating araw, lakip na ang praktikum, ang itinagal ng pagsasanay. Ang resulta ng praktikum ay napagpasyahan ng kumand na gawing upisyal na mga plano sa mga ilulunsad na taktikal na opensiba ng BHB.

"Dagdag na kaalaman ang teoretikal na pag-aaral at pagsasanay na ito sa matagumpay na gawaing militar lalo na ang paglunsad ng taktikal na opensiba," ayon kay Ka Marco, lider ng platun.

"Dapat na mabigyang hustisya ang mga biktimang mga kasama at masa mula sa matinding pasismo ng kaaway...kailangang makapagsamsam ng bala at armas galing sa berdugo at pasistang AFP, PNP at paramilitar at ipaarmas sa mga bagong rekrut na Pulang mandirigma" aniya.

"Hinog na hinog ngayon ng kalagayang pampulitika. Dapat tugunan ng Partido ang kanyang papel sa pamumuno at gawin ng Hukbo ang sentral na tungkulin nito sa pamamagitan ng matagumpay na taktikal na opensiba kasabay sa matitinding galit ng sambayanang Pilipino patungkol sa pangungulimbat ng estado sa kaban ng taong-bayan," ayon kay Ka Myra, instruktor sa pulitika.

"Dapat malakas na patunugin ang kampana ng rebolusyonaryong kilusan sa malaganap na opensiba at maalingawngaw na putok ng mga armas ng Bagong Hukbong Bayan sa kanayunan kaalinsabay sa malawakang protesta ng masa sa mga lansangan sa kalunsuran," aniya. AB





CBA ng Wyeth-Nestle at unyon. Pormal na naisara ng Wyeth Philippines Progressive Workers Union ang CBA nito sa Wyeth-Nestle Philippines noong Disyembre 9. Matagumpay na naigiit ng unyon ang dagdag-sahod na ₱6,000 sa susunod na tatlong taon. Nakamit din ng unyon ang ₱30,000 *signing bonus* at mga benepisyong ipinaglaban nila sa sama-samang pagkilos.

Protesta ng mga manggagawa ng Gardenia at Philfoods. Kumilos ang mga manggagawa at unyon ng Gardenia Bakeries Phils Inc at Philfoods Fresh Baked Products Inc sa pabrika at sa labas ng Laguna International Industrial Park (LIIP) sa Biñan, Laguna noong Disyembre 19. Nanawagan sila ng dagdag-sahod, benepisyo, at pagtigil sa pag-atake sa mga miyembro ng unyon.

Mga marinong dineport ng US, siningil ang DFA at mga *manning agency*. Matapos dumanas ng arbitraryong deportasyon ng US, iginiit ng mga marinong Pilipino ang kanilang karapatan, at siningil ang DFA at mga *manning agency*. Sa dayalogo noong Disyembre 12, nangako ang upisyal ng DFA na pabibilisin ang pagproseso ng bagong pasaporte ng apektadong mga marino, tulong para umapela sa pagkansela ng *visa* at tatanggalin ang bayarin kaugnay dito.

Paggalang sa mga karapatan sa paggawa, iginiit sa Wipro Cebu. Naglunsad ng *silent protest* ang mga empleyado ng Wipro Philippines sa Cebu kasabay ng pakikipagdayalogo ng mga kinatawan nila sa kumpanya at DOLE noong Disyembre 1. Inireklamo ng mga empleyado ang patung-patong na mga paglabag ng kumpanya sa kanilang karapatan sa paggawa. Pangunahing hinaing nila ang hindi makatwirang plano ng Wipro Cebu na ipailalim ang 400 empleyado sa "floating status" simula noong Disyembre 15.

Mga Pilipinong manggagawa sa Taiwan, bumoto para magwelga. Bumoto noong Disyembre 1 para magwelga ang kababaihang manggagawang Pilipino sa Taidoc Technology Co. Ltd. laban sa paglabag ng kumpanya sa mga batas sa paggawa. Kabilang sa mga paglabag ang sapilitang pagpapalinis sa pabrika, mahigpit na patakaran sa dormitoryo, at hindi makatwirang mga bayarin. Ito ang pinakaunang welga ng unyon.

Hamon ng Christians for National Liberation

Pagpanday ng konsensyang panlipunan at pagkakaisa para sa katarungan at katotohanan

Tumampok nitong mga nakaraang buwan ang malawakang partisipasyon at paglahok ng mga taong-simbahan, lider-relihiyoso at layko sa mga demonstrasyon laban sa matinding korapsyon ng rehimeng Marcos. Kahit nananatiling konserbatibo ang Simbahan, ang tinig at tindig nito ang isa sa hindi matatawarang nakapang-anyaya sa libu-libong lumahok sa kilusang bayan kontra-korapsyon.

Sa gitna nito ang rebolusyonaryong pakikihamok ng mga myembro ng Christians for National Liberation (CNL) na bag-as ng pakikibakang bayan ng mga Kristyano. Kabilang ito sa mga ibinahagi nina Ka Lila at Ka Mingol, mga bagong-halal na upisyal ng CNL, sa panayam ng Ang Bayan.

Malaki ang impluwensya ng Simbahan at iba pang relihiyosong grupo sa isang bansa tulad ng Pilipinas na mayorya ay Katoliko, pagbabahagi ni Ka Mingol.

"Itinuturing silang tagapagsalita ng hustisya at katotohanan," aniya. Nakaeengganyo sa mga pamilya at komunidad ang paglahok ng simbahan at relihiyoso sa mga kilos protesta dahil sukatan sila ng *moral legitimacy* o pagiging matuwid, sa mata ng marami.

Ayon naman kay Ka Lila, itinuturo sa mga taong-simbahan at mananampalataya ang pagmamalasakit para sa kapwa, ang pagiging tapat sa pagtulong sa bawat isa, para kumilos para sa katotohanan at katapatan laluna sa harap ng matinding kahirapan at sakuna. "Hindi katanggap-tanggap ang sistematikong pagnanakaw ng rekursong dapat inilalaan sa mga pinaka-nangangailangan," aniya.

Pero noong Nobyembre 30, tumingkad ang magkakaibang tindig ng Simbahan sa panawagan ng mamamayan. Nakita ito sa naging galaw ng Iglesia ni Cristo at mga lider ng Catholic Bishop's Conference of the Philippines. Sa mga pagkakataong iyon, nanawagan ang CNL na walang-kompromisong manindigan at kumilos batay sa katarungan, katotohanan, at katapatan, at kumawala sa bangayan ng mga naghaharing-uri at mga pamilyang nakikinabang sa burukrata-kapitalismo.

"Ang isyu ng korapsyon sa *flood-control projects* ay isang maliit na bahagi lamang sa malawakan at sistematikong korapsyon ng reaksyunaryong gubyerno," ayon kay Ka Lila. Hindi lamang ito tungkol sa hidwaan ng iilan kundi tungkol sa burukrata kapitalismo o pagsasamantalang nangyayari sa pagpapatakbo sa gubyerno bilang negosyo, ang pagkamal ng yaman ng mga nasa poder."

"Binubura ng CNL ang naratibo na sa dalawang nagbabangayang kampo lamang dapat mahati ang pagpanig, dahil parehong dapat managot kasama ng iba pang mga sangkot sina Marcos Jr at Sara Duterte," sabi naman ni Ka Mingol.

Kahit nag-iiba-iba ang sinasabi ng mga lider-simbahan tungkol sa korapsyon, ayon kay Ka Lila, malinaw sa CNL ang malawakang galit dito ng masang relihiyoso.

"Hamon sa mga lider ng simbahan na maging huwaran ng pagpapakumbaba at dayalogo," pagpapatuloy ni Ka Mingol. Nanawagan din siya sa mga nakabababang lider—mga obispo, pari, pastor, ministro, at mga lokal na lider—na di maging tagasunod lamang ng upisyal na linya, laluna kung labag ito sa mga natutunan nila tungkol sa katarungan. "Tagapagprotekta sila ng kawan, hindi tagapagtanggol ng kapangyarihan o katahimikan sa harap ng kasamaan. Dapat nilang hubugin ang konsyensya ng kaaniban para makilahok nang may paninindigan di lamang bilang myembro ng bloke kundi bilang mga responsableng indibidwal ng lipunan."

Katulad sa nakaraan, napakalaki ng papel ng Simbahan sa pag-oorganisa at pagmumulat sa mamamayan para sa katarungan at pagbabagong panlipunan, ayon kay Ka Mingol. Mahalaga na walang-tigil na palakasin ang hanay para sa demokratikong rebolusyong bayan. Aniya, determinado ang CNL na mapangibabawan at mapagtagumpayan ang matitinding hamon ng konserbatismo, *self-preservation* (para sa pansariling interes) at *Red-tagging* para kamtin ang bagong sigla ng pagpapalawak ng hanay ng mga rebolusyonaryo sa mga taong relihiyoso.

Ipinauunawa ng CNL na upang maiwaksi ang burukrata kapitalismo, kailangan ng rebolusyonaryong pagkilos. Isa ito sa pumupukaw at nakapagbubuklod sa damdamin, laluna sa malawak na hanay ng relihiyosong kabataan. Kinakikitaan sila ng sigla sa paglahok sa mga kilos-protesta hanggang sa armadong pakikibaka sa kanayunan. Ikinakampanya ng CNL sa mga taong-simbahan ang rebolusyonaryong programa ng National Democratic Front: ipinapakitang mayroong alternatibong sistema ng pamamahala na nagsisilbi sa demokratikong interes ng masa. AB



Sabwatang burgesyang kumprador at burukrata kapitalista sa sistemikong korapsyon

Nitong nagdaang mga buwan, tumambad ang sistemikong korapsyon at garapalang pagnanakaw sa pondo ng bayan ng mga nasa poder. Mula sa maaanomalyang proyektong imprastruktura at *pork barrel*, "unprogrammed appropriation" at "allocables" sa pambansang budget, naging malinaw ang papel ng burukrata kapitalismo sa nararanasang di-mabatang pagdurusa at karukhaan ng mamamayan.

Sa ilalim ng umiiral na sistema, hindi lamang ginagamit ng mga burukrata kapitalista ang kanilang pusisyon para magkamal ng yaman. Gumagawa din sila ng mga batas at nagpapatupad ng mga patakaran na nagsisilbi sa pinapaboran nilang malalaking burgesyang kumprador at dayuhang kapitalista. Sa prosesong ito, dagdag silang nakakapagkamal ng yaman.

Sa loob ng mahigit tatlong taon ng rehimeng US-Marcos, nag-amyenda at nagpatupad ito ng hindi bababa sa 15 batas para sa kaluwagan at benepisyo ng mga burgesyang kumprador at dayuhang kapitalista. Kabilang dito ang mga batas para sa pagbabawas ng buwis ng mga korporasyon, pagpapahintulot sa mga kumpanya na magmay-ari ng 100% sa mga esensyal na industriya ng bansa tulad ng telekomunikasyon, paliparan, at *renewable energy*. Dagdag dito ang pagpapahintulot sa pag-angkin at paggamit ng mga lupa ng Pilipinas nang hanggang 99 taon. Pinabilis at pinadali rin ng rehimen ang pagproseso sa aplikasyon ng mga dayuhang mamumuhunan sa bansa.

Kabilang sina Manny Villar, Enrique Razon at Ramon Ang sa mga burgesyang kumprador na yumaman nang husto sa ilalim ng rehimeng US-Marcos. Ang tatlong ito rin ang nasa likod ng pinakamalaking partido pulitikal sa bansa. Hawak ni Razon ang National Unity Party, si Villar ang Nacionalista Party at si Ramon Ang ang Nationalist People's Coalition. Kontrolado nila ang nasa 42% ng mga senador, 27% ng mga kongresista at 33% ng mga gubernador.

Pribatisasyon bilang bahagi ng sistemikong korapsyon

Ilan sa pinagkukunan ng yaman ng malalaking burgesyang kumprador ang pribatisasyon ng mga serbisyo, imprastruktura at negosyong pampubliko. Isa sa paraan para makakuha ng proyekto ay sa pamamagitan ng Unsolicited Proposal (UPS) ng Public-Private Partnership Code of the Philippines (2023). Sa ilalim ng batas, mas pinalalakas ang kapangyarihan ng pribadong sektor na piliin at pangasiwaan ang mga proyektong nais nitong kontrolin.

Sa ilalim ng PPP, nagbibigay ang gubyerno ng "garantiya" galing sa pondo ng bayan upang matiyak na matutuloy ang proyekto. Ang gubyerno din ang sasalo kung sakaling malugi ang proyekto.

Ang San Miguel Corporation (SMC) ni Ramon Ang, ang isa sa nakinabang nang husto sa PPP. Nakuha ng SMC ang ilan sa malalaking proyekto nito sa pamamagitan ng UPS. Kabilang dito ang New Manila International Airport (NMIA), MRT 7, Cavite-Batangas Expressway, at Pangasinan Link Expressway. Dahil sa sabwatan ni Ang at ng rehimeng Marcos, madaling nasungkit ng SMC ang kontrata sa pag-opereyt at pangangasiwa sa pangunahing paliparan ng bansa at sa dambuhalang proyekto na Navotas Bay Reclamation Project. Kabilang sa proyekto ang pagtayo ng *business district* at *expressway* papunta sa NMIA. Nakakuha din ng kumpanya ng sampung taon na *tax holiday* para sa konstruksyon ng NMIA.

Sa kabila ng pagkasira sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayan dahil sa mga proyektong imprastruktura ng SMC, wala itong pananagutan sa mga paglabag sa batas at karapatang-tao. Habang nagkakamal ng yaman gamit ang pondo ng mamamayan, tinatamasa nito ang proteksyon ng mga burukrata-kapitalista, na nakikinabang din sa mga negosyo nito. Malayang nagagamit din ng SMC ang pulis, militar, lehislatura at mga korte upang protektahan ang interes nito. Pinatatampok ng sabwatang ito ang matinding korapsyon sa sistemang burukrata kapitalismo.

Sa ilalim ng pribatisasyon, ang dayuhang kapitalista at lokal na burgesyang kumprador ang nagdidikta sa kung anu-anong bahagi ng ekonomya ang bubuhusan ng pondo, paano at para kanino ang pag-unlad. Sa patuloy na pagtulak ng rehimeng US-Marcos sa pagsapribado ng natitirang mga pampublikong serbisyo, korporasyon at imprastraktura, mas lalo lamang nalulubog sa kumunoy ng kahirapan ang mamamayan habang lalong yumayaman at nagiging gahaman ang mga burgesyang kumprador at burukrata kapitalista. AB



SA MADALING SALITA

MGA PAGLABAG SA KARAPATANG-TAO

(DISYEMBRE 1, 2024 – DISYEMBRE 1, 2025)

239,357 BILANG NG BIKTIMA


665 BILANG NG KASO

40	312	34	306	21
PAGPASLANG	PANANAKIT	PAGDUKOT	TORTYUR	PAMIMILIT

11	373	7,645	12,187
BIGONG PAGPASLANG	PAG-ARESTO AT DETENSYON	SAPILITANG PAGBABAKWIT AT DISLOKASYON	PAGBABANTA, PANGGIGIPIT, INTIMIDASYON

Espesyal na Ulat:
Kasabay ng malawakang korapsyon: Rehimeng US-Marcos, patuloy ang pasistang panunupil sa mamamayan

https://philippinerevolution.nu/



50 taon na

ang **Liga ng Agham para sa Bayan** sa darating na Disyembre 26.

Celine Manlimbasog

ang bagong tagapagsalita ng NDF-Eastern Visayas. Ang pagkakatalaga sa kanya ay bahagi ng pinasiglang gawain sa propaganda ng rehiyon. Muli ring inilabas ang Larab, rebolusyonaryong pahayagan sa rehiyon.

₱24.81 MILYON

pondong inilabas ng **SSS** na pensyon noong 2024 na nakapangalan sa patay nang mga myembro nito. ₱13.19 milyon naman ang ginastos nito para sa 143,424 *tissue paper roll* o ₱92.00/*roll*.

400,000

sibilyan ang inilakas mula sa hangganan ng **Thailand** at **Cambodia** dahil sa pagsiklab ng digma sa pagitan ng dalawang bansa. Kabilang sa kanila ang 118 gurong Pilipino.



15%

itinaas ni Marcos Jr sa sweldo ng MUP (*military and other uniformed personnel*) **para lalong bundatin ang mga sundalo at pulis**, habang pinagdudusa ang mga kawani sa gubyerno, guro at manggagawa sa ospital sa mababang sahod, nababalam na mga benepisyo at sobra-sobrang pagtatrabaho.

20

dyip at *van* na iligal na in-*impound* ng LTO ang nabawi ng mga drayber noong Disyembre 10; ang mga sasakyang ito ay ginamit sa protestang Baha sa Luneta 2.0 noong Nobyembre 30.



KASAMANG MADVI HIDMA

myembro ng Komite Sentral ng **Communist Party of India-Maoist** at kumander ng PLGA na dinakip at sadyang pinaslang ng pasistang rehimeng Modi noong Nobyembre 18. Bantog siya sa matatagumpay na mga taktikal na opensiba ng PLGA.

Sa harap ng panunupil ng rehimeng Marcos

Nakikibaka ang mga Pilipino para sa karapatang-tao

Nakiisa ang mga Pilipino sa paggunita sa ika-77 Internasyunal na Araw ng Karapatang-tao noong Disyembre 10. Sa iba't ibang bahagi ng bansa, libu-libo ang nagmartsa para itaguyod ang karapatang-tao at batikusin ang rehimeng Marcos sa walang awat na paglabag nito sa karapatan ng mamamayan.



Pinangunahan ng Karapatan at Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) ang mga pagkilos sa Maynila at 15 syudad at prubinsya. Nagpahayag ng suporta sa pagkilos ang International Coalition for Human Rights in the Philippines.

Sa Maynila, libu-libo ang lumahok sa pagtitipon at programa sa Liwasang Bonifacio at sa martsa patungong Mendiola. Maliban sa mga organisasyong nakabase sa National Capital Region, nakiisa sa protesta ang mga grupong mula sa Southern Tagalog. Nagkakaisang panawagan nila: "Wakasan ang pasista, korap, at pahirap na rehimeng US-Marcos Jr!"

Noong Mayo 2025, pormal na ipinatupad ng rehimeng Marcos ang National Action Plan for Unity, Peace, and Development 2025-2028. Nagsilbi itong balangkas ng pinatinding pampulitikang panunupil sa mamamayan. Pangunahin itong ipinatutupad ng National Task Force-Elcac.

Sa tala ng Karapatan, hindi bababa sa 11 milyong Pilipino ang naging biktima ng paglabag sa karapatang-tao ng mga pwersa ng estado sa ilalim ng rehimeng Marcos. Kabilang sa kanila ang mga biktima ng ekstra-hudisyal na pagpatay, sapilitang pagkawala, arbitraryong pag-aresto, sapilitan o pekeng pagpapasuko, walang habas na pamamaril at pambobomba, sapilitang paglikas at pagbabanta, panliligalig at pananakot, kabilang ang *Red-tagging*.

Nananatiling nakakulong ang hindi bababa sa 696 na bilanggong pulitikal, 163 ay inaresto sa ilalim ni Marcos. Sa mga bilanggong pulitikal, 136 ang kababaihan, 93 ang matanda na, at 89 ang maysakit. Mayroong ding nakakulong na 12 konsultant at istap ng National Democratic Front of the Philippines para sa negosasyong pangkapayapaan.

Sa pagtatapos ng protesta sa Mendiola, sinunog ng mga grupo ang *effigy* nina Marcos at Sara Duterte na inilarawan bilang hari at reyna ng pasismo at korapsyon. Ipinakita ng *effigy* na may dala-dalang armalayt sina Marcos at Duterte habang nakaupo sa mga maleta na simbolo ng korapsyon.

Katulad na mga protesta at aktibidad ang inilunsad sa Baguio City, Tabuk City sa Kalinga, Mountain Province, Laoag City sa Ilocos Norte, Tarlac, Nueva Ecija, Bulacan, Legazpi City sa Albay, Naga City sa Camarines Sur, Iloilo City, Kalibo City sa Aklan, Roxas City sa Capiz, Bacolod City, Cebu City, at Davao City.

Pagtataguyod sa karapatang-tao ng simbahan at mga mambabatas

Mula pa sa panahon ng dating rehimeng Duterte, pinakamadugo ang rekord ng estado sa paglabag sa karapatang-tao sa Mindanao. Pinakamatindi ito noong ipinataw ang batas militar simula Mayo 2017 hanggang 2019.

Noong Disyembre 9-10, inilunsad sa Davao City ang Mindanao Human Rights Summit. Dinaluhan ito ng 242 delegado mula sa simbahan, gayundin ng mga abugado, tagapagtanggol ng karapatang-tao at organisasyong masa ng Mindanao.

Sa ikalawang araw ng aktibidad, isinagawa ang pangkalahatang asembliya at paglulunsad sa Pakighiusa sa Anawim-Mindanao (Panaw-Mindanaw). Ang bagong tatag na grupo ay isang organisasyong layuning bigyang tinig at hustisya ang mga biktima ng mga paglabag sa karapatang-tao sa Mindanao.

Sa Kongreso, muling inilunsad ang Mambabatas para sa Karapatang Pantao o Makatao Coalition noong Disyembre 9. Layunin ng koalisyon na isulong ang mga batas na magtatanggol sa karapatang-tao. Una itong binuo ng mga mambabatas, kabilang ang Makabayan Bloc, noong 2018 para tutulan ang mga ekstra-hudisyal na pamamaslang ng noo'y rehimeng Duterte. Kasalukuyan itong pinamumunuan ni Rep. Leila de Lima. AB

Ikatlong anibersaryo ng pagkamatay ni Ka Joma, ginunita

Ginunita ng pamilya, kaibigan, mga kasama, partido at organisasyon sa iba't ibang bahagi ng mundo ang ikatlong anibersaryo ng pagkamatay ni Kasamang Jose Maria Sison noong Disyembre 16. Sa Pilipinas at the Netherlands, naglunsad ng mga aktibidad bilang pag-alaala kay Ka Joma.

Sa the Netherlands, ipinalabas ang pelikula-dokumentaryong My Friend the Terrorist noong Disyembre 13. Pinangunahan ang aktibidad ng Jose Maria Sison Legacy Foundation, Friends of the Filipino People in Struggle at lokal na organisasyon nitong Maya Solidarity.

Sa Pilipinas, inialay kay Ka Joma ng isang sangay ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Rizal ang inilunsad nitong pag-aaral sa Batayang Kurso ng Partido noong Disyembre 16.

Sa Quezon City, pinarangalan si Ka Joma ng mga balangay ng Artista at Manunulat ng Sambayanan sa pinangunahan nitong raling iglap sa University of the Philippines-Diliman noong Disyembre 17. Isinagawa ito sa gitna ng Lantern Parade, ang taunang parada ng mga parol sa kampus na dinadayo ng libu-libong tagapanood.

Liban dito, itinampok din sa rali ang nalalapit na ika-57 anibersaryo ng Partido sa Disyembre 26 at ang panawagan sa mamamayang Pilipino, laluna sa mga kabataan, na lumahok sa digmang bayan at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. AB

MSP-NCR, naglunsad ng asembliya

NAGTIPON ANG MAHIGIT 20 myembro ng balangay ng Makabayang Samahang Pangkalusugan-National Capital Region (MSP-NCR) sa isang sikretong lugar noong Disyembre 6 para ilunsad ang kanilang panrehiyong asembliya. Dumalo dito ang mga manggagawang pangkalusugan sa ospital, nars, duktor, *medical technologist*, dentista, at mga estudyante sa medisina at pagkanars.

Ang asembilya ay itinaon ng MSP-NCR sa paggunita sa ika-47 anibersaryo mula nang naitatag ito noong Disyembre 6, 1978.

Sa pagtitipon, pinagtibay ng MSP-NCR ang paninindigan para sa demokratikong rebolusyong bayan sa harap ng labis-labis na pagdurusa ng mamamayang Pilipino. Anito, mahalagang isanib ang lakas ng sektor pangkalusugan sa pakikibaka ng mamamayan para sa pagsusulong ng rebolusyon.

Nabuo rin sa asembliya ang 5-puntong resolusyon para sa pagpapalakas sa pakikibaka nito. Inilabas ang resolusyon sa inilathalang espesyal na isyu ng pahayagang Ang Rebolusyonaryong Lunas.

Ayon sa balangay, mahalagang okasyon ang pagtitipon para sa konsolidasyon ng kasapian ng MSP. Nagbigay-daan ito para makapagbahagi ang mga myembro ng rebolusyonaryong karanasan sa pag-oorganisa at karanasan sa pagbibigay-serbisyo ng MSP na tumugon sa panawagang tumungo sa kanayunan. Dagdag nito, mahalagang hakbang din ang asembilya sa paghahanda sa higit pang konsolidasyon ng MSP sa pambansang saklaw.

Mga magsasaka at katutubo, pinalalayas sa sariling lupa

WALANG HABAS ANG pang-aagaw ng mga dayuhan kumpanya at malaking burgesyang kumprador sa likas na yaman at lupang ninuno ng mga katutubo at magsasaka sa bansa. Gamit ang pulis, militar at ang mga korte, niyuyurakan ng mga ito ang karapatan ng mga magsasaka sa lupa, sinusupil ang kanilang paglaban at ginagamit ang batas para palayasin sila sa sarili nilang lupa.

Sa Sityo Marihangin, Barangay Bugsuk, Balabac, Palawan, kinasuhan ng "squatting" o iligal na paninirahan ng siyam na mang-aagaw ng lupa ang 282 residenteng katutubo ng sityo. Kabilang sa kinasuhan ay mga patay na at mga bata. Noong Disyembre 17, sumugod sa sityo ang sugo ng korte kasama ang mga armadong pulis upang maghain ng TRO o *temporary restraining order* laban sa mga residente.

Ayon sa utos, bawal hadlangan ang pagpasok sa sityo ng mga mang-aagaw ng lupa sa loob ng 20 araw. Ayon sa mga residente, malinaw na may kinalaman ang kaso na ito sa plano ng San Miguel Corporation (SMC) na agawin ang kanilang lupang ninuno. Ilang taon nang pinipilit ng Bricktree Properties, subsidyaryo ng SMC, na angkinin ang lupain upang pagtayuan ng 25,000 ektaryang imprastrakturang panturismo para sa sobrang mayayaman sa Balabac.

Sa Dupax del Norte, Nueva Vizcaya, dalawang beses nang inutusan ng korte ang pagbuwag ng barikada ng mga residente laban sa Woggle Corporation. Noong Disyembre 10, matagumpay na napigilan ng mga residente at taong simbahan ang tangkang pagbubuwag. Muling sumugod ang mga pulis noong Disyembre 12 para buwagin ang barikada ng mga residente ng Upper Tacbao, Barangay Bitnong. Ganti ito ng kumpanya matapos matagpuang sunog ang *excavator* nito noong araw na iyon.

Katuwang ang PNP Dupax Del Norte, tinakot, ginipit, at binastos ng mga ito ang mga nagbarikada at sinira ang kanilang mga gamit. Dalawang babaeng residente ang hinarang ng mga tauhan at pinilit na maghubad. Tinutukan din ng baril ng mga pulis ang mga residente nang igiit nila ang kanilang mga karapatan. Ninakaw din ang kanilang mga selpon at ID nang nagtangka ang mga residente na isadokumento ang pandarahas sa kanila ng mga tauhan.

Pandaigdigang araw ng mga migranteng manggagawa, ginunita sa Pilipinas at sa ibang bansa

GINUNITA NG IBA'T ibang balangay ng Migrante ang pandaigdigang araw ng mga migranteng manggagawa noong Disyembre 18. Idineklara din nila ito bilang "Zero Remittance Day laban sa korapsyon," isang araw na sabay-sabay na hindi magpapadala ng pera ang mga migrante sa Pilipinas. Porma ito ng protesta ng mga migranteng manggagawa upang irehistro ang kanilang pagkundena sa malawakang korapsyon at pagpapanagot sa lahat ng sangkot.

Lumahok sa kampanya ang mga balangay ng Migrante sa Thailand, Hong Kong, Japan, Canada, France, Italy, Australia, South Korea, Germany, Middle East at USA.

Naglunsad din ng protesta ang ilang balangay ng Migrante upang kundenahin ang mga pang-aabuso at diskriminasyon na nararanasan nila bilang migranteng manggagawa.

Sa New Zealand, ipinanawagan ng Migrante-Aotearoa ang pagwawakas sa sistema ng pagtatali ng *work visa* ng migrante sa *employer*.

Sa US, nagprotesta ang Tanggol Migrante Movement (TMM) sa konsulado ng Pilipinas sa Chicago, California at Washington upang ipanawagan ang pagpapalaya sa mga Pilipinong imigrante na dinetine ng Immigration and Customs Enforcement (ICE). Inianunsyo rin ang pagtatatag ng Families of Filipinos in Detention, organisasyon ng mga kaanak, kaibigan at ng mga dating nadetine ng ICE.

Sa Pilipinas, nagprotesta sa Mendiola ang mga myembro ng Migrante Philippines mula sa mga balangay nito sa iba't ibang prubinsya. Kalahok sa protesta ang Concerned Seafarers of the Philippines, Samahan ng mga DH sa Gitnang Silangan, at Kilusang Mayo Uno.

Brutalidad ng militar at pulis sa Masbate at Occidental Mindoro

SA MASBATE, nadakip, tinortyur bago sadyang pinatay ng 2nd IB ang isang Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate noong Disyembre 13. Ang mandirigma ay nasugatan sa paa at nahuli matapos ang isang labanan sa Barangay Pitogo, Cataingan sa araw na iyon. Ipinailalim siya sa brutal na pisikal na tortyur dahil sa pagkamatay ng dalawang sundalo ng 2nd IB sa labanan.

Samantala noong Disyembre 9, inaresto ng mga pulis sa kasong pagpatay at paratang na mataas na upisyal ng BHB si Juanito Bultron. Siya ay residente ng Barangay Teresita, Cataingan na may kapansanan sa pag-iisip. Pinalalabas ng pulis na nahuli siya sa Barangay Malibas, Palanas.

Sa Occidental Mindoro, dinukot at tinortyur ng 76th IB si Dolores Mariano Solangon, 47 taong gulang na babaeng Mangyan-Iraya, sa Abra de Ilog, Occidental Mindoro noong Disyembre 2, ala-1:30 ng hapon. Itinali siya sa isang puno at ipinailalim sa interogasyon hanggang alas-4:00 ng hapon.

Dinala siya sa mabundok na erya at muling tinortyur hanggang alas-9:00 ng gabi. Pinaghukay din siya para sa sariling libingan at binantaang papatayin kung tatakas. Naganap ang pagdukot at pagtortyur kay Solangon matapos ang isang engkwentro ng 76th IB sa BHB sa Sityo Balite, Barangay Lumangbayan sa Abra de Ilog noong Nobyembre 26."

Aregluhan ng pondong "pork" sa badyet 2026, pininal sa *bicam*

AREGLUHAN NG HATIAN ng *pork barrel* sa badyet 2026 ang tumambad sa taumbayan sa isinagawang *bicameral conference committee* (*bicam*) ng Senado at Mababang Kapulungan. Kahit pa naka-*livestream*, hindi itinago ng mga mambabatas ang kanilang paggigirian sa kung anu-anong porma ng *pork barrel* at magkano ang matitira sa badyet. Isinapinal ng *bicam* ang tadtad-sa-*pork barrel* na badyet noong Disyembre 18.

Kunwa'y tinapyasan ng Senado ang badyet ng Department of Public Works and Highways nang ₱45 bilyon dahil sa *overpricing* pero ibinalik din sa *bicam* ang higit kalahati ng pondo. Sa gayon, nanatili sa badyet ang kalakhan ng pondong "allocable" at "non-allocable" kung saan kumukuha ang presidente, mga kongresista at senador ng kani-kanilang kikbak.

Isa pang inareglo sa *bicam* ang pagdagdag ng pondo para sa Medical Assistance for Indigent and Financially Incapacitated Patients, *pork barrel* ng mga kongresista sa anyo ng "serbisyong pangkalusugan." Itinaas pa ng *bicam* ang alokasyon mula sa orihinal na ₱49.2 bilyon tungong ₱51.64 bilyon, pondong dapat sana ay idinagdag sa badyet ng mga pampublikong ospital.

Inaareglo din sa *bicam* ang "LGU pork" o Local Government Support Fund na halos dinoble ng Senado mula sa ₱20.2 bilyong tungong ₱38.1 biiyon. Binawasan ng Senado ang pondo para sa mga benepisyo at bonus ng mga kawani para palobohin ang pondong ayuda na hawak ng mga lokal na upisyal.

Ang mga alokasyong ito ay dagdag sa nauna nang napagkasunduang pondong hawak ng mga mambabatas sa anyo ng ayuda. Itinaas pa ng *bicam* ang ayudang Assistance to Individuals in Crisis Situations mula sa orihinal na ₱27 bilyon tungong ₱63 bilyon.

Napanatili rin ang *pork barrel* ni Marcos na ₱243.4 bilyon para sa *unprogrammed appropriation* (na bantog na ginamit sa maaanomalyang *flood control project*) at ₱10.77 bilyong *confidential and intelligence fund*. Buo rin ang ₱8-bilyong *pork barrel* ng pasistang ahensyang NTF-Elcac.

Pinsala at ligalig ng gerang imperyalista, dinaranas ng mga mangingisda at magsasaka

Sa mga mangingisda at magsasaka na nakatira malapit sa mga base militar at pinagdadausan ng mga *war games* ng US, hindi isang malayong posibilidad ang imperyalistang gera. Ngayon pa lamang, nararanasan na nila ang ligalig at pinsalang dala nito sa kanilang kabuhayan at komunidad.



Kabilang ito sa maraming isinadokumento ng 35-kataong delegasyon mula sa US na umikot sa mga komunidad malapit sa mga base militar o EDCA *site* noong Nobyembre. Sa loob ng dalawang linggo, magkahiwalay nilang inikot ang Cagayan Valley, Ilocos, Central Luzon, Cagayan de Oro, Marawi City at Cebu City. Pumunta rin sila sa mga lugar kung saan madalas idinadaos ang masasaklaw na *war games* tulad ng Balikatan.

Dinayo ng delegasyon ang Pilipinas sa gitna ng umaarangkadang militarismo ng rehimeng Trump sa Asia. Sa nagdaang dalawang taon lamang, naglagak ang US ng mga *long-range missile* sa Pilipinas, naganunsyo ng pagtatayo ng mga pabrika ng bala at *drone*, at nagbukas ng marami pang lokasyon para maging imbakan, *outpost* at daungan ng mga tauhan at barkong Amerikano. Naglunsad ito ng walang patid na mga *war games*, nagsagawa ng mga *live-fire exercises* sa karagatan at simuladong mga kombat opensiba at depensiba.

Sa mga komunidad na pinuntahan ng delegasyon, batid ng mga residente na ang mga base militar at *war games* ay naglalagay sa kanila at sa Pilipinas sa sentro ng gerang imperyalista sa pagitan ng US at China. Inamin mismo ng mga upisyal ng US na ang mga EDCA *site* ay direktang nakaugnay sa "depensa ng US sa Taiwan." Itinulak ng mga upisyal na ito na "ibenta" ng US ang mga EDCA *site* sa Taiwan bilang "non-weaponry support service" ng bansa.

Tunay na pinsala sa simuladong digma

"Akala namin gera na," ang karaniwang sambit ng mga residente na nakapanayam ng delegasyon sa mga baryo sa Cagayan Valley. Marami sa kanila ang nagugulantang na lamang sa biglang pagdagsa ng dayuhang tropa, malalaking sasakyan at maiingay na eroplano sa kanilang lugar tuwing may *war games* ang US.

"Walang *warning*. Walang nagsabi kung ano ang mangyayari, o kung gaano katagal," salaysay ng nakapanayam ng delegasyon. Biglang napatitigil ang kanilang kabuhayan para bigyan daan ang mga "simulasyon" ng pagsalakay ng tropa mula sa karagatan. Umaabot ang mga maniobrang pangkombat ng tropa sa mga daan, sakahan, pangisdaan at bakuran.

Animo'y nakakulong ang mga residente sa kani-kanilang mga bahay habang "rumaragasa" ang "simuladong digma" sa labas ng kanilang mga tarangkahan. Walang ayuda para makatawid sila sa arawaraw. Walang kumpensasyon sa mga araw na hindi sila nakakapaghanapbuhay. Pagkatapos ng "digma," nag-iiwan pa ang mga tropa ng basurang basyo ng bala at iba pang amunisyon sa mga baybay, kung saan naglalaro ang mga bata.


Panganib sa karagatan

Direktang isinasapanganib ng presensya ng US at mga *war games* nito ang mga mangingisdang Pilipino. Nitong Disyembre lamang, naglunsad ang US ng sunson na *maritime cooperative activity* (MCA) bilang "power projection" sa pinag-aawayang mga isla at pormasyon sa South China Sea. Ang una (Disyembre 9-10) ay isinagawa sa kanluran ng Zambales, malapit sa tradisyunal na pangisdaan ng Scarborough Shoal. Nagpalipad dito ang US ng iba't ibang klase ng *jetfighter* at nagparada ng dambuhalang *aircraft carrier* na USS Rafael Peralta.

Itinuring ng China ang aktibidad bilang probokasyon na nagpataas ng tensyon sa karagatan. Nagresulta ito sa gitgitan sa pagitan ng mga pwersang Chinese at Pilipino noong Disyembre 11-12, kung saan nasangkot ang ilang mangingisdang Pilipino.

Ginamit ng US ang insidente para bigyang katwiran ang mabilis na paglulunsad ng kasunod na MCA (Disyembre 15-16). Ipinadala nito ang USS Robert Smalls, isang *guided-missile cruiser*, para paypayan ang sumiklab na gitgitan at palabasing sila'y "tagapagligtas" ng Pilipinas. Ang serye ng mga insidenteng ito ay bahagi ng mas malawak na padron ng panunulsol ng US, ganting-tugon ng China at pagkapinsala ng kabuhayan at kagalingan ng mga mangingisdang Pilipino. AB

Di magagapi ang rebolusyonaryong kilusan ng India



Walang kapantay ang pasistang atake ng Operation Kagar ng reaksyunaryong estado ng India laban sa masa at rebolusyonaryong kilusang Indian sa nagdaang halos dalawang taon. Sa harap nito, nagpupunyagi ang Communist Party of India (Maoist), ang People's Liberation Guerrilla Army (PLGA), at buong rebolusyonaryong kilusan ng India na biguin ang deklaradong layunin ng Kagar na wakasan at gapiin ang paglaban ng mamamayan sa Marso 2026.

Mula nang ipinatupad noong Enero 2024 ang Operation Kagar, magiting itong nilabanan ng PLGA. Sa kabila ng napakalalaking pwersang pandumog at panlipol ng rehimeng Modi, pagsulpot ng mga kampo militar at kampanyang likidasyon sa pamunuan ng Partido, nakapaglunsad ng mga armadong aksyon ang gerilyang hukbo.

Sa nagdang taon, umabot sa 116 ang napatay at 208 ang nasugatan sa pwersa ng pulis at sundalo sa mga armadong aksyon ng PLGA. Tinarget rin nito ang masusugid na impormer ng pulis at militar at mga pusakal na lider ng Bharatiya Janata Party, naghaharing partido sa India. Pangunahing gumamit ng mga pampasabog ang hukbo sa mga operasyon nito. At sa ilang pagkakatoan, gumamit ang PLGA ng mga katutubong armas tulad ng mga patibong na suyak.

Gayunman, matapat na inilahad ng CPI (Maoist) na dumanas ito ng matitinding pagkatalo sa nagdaang taon. Anito, bunga ang mga pagkatalo ng panloob na mga kahinaan, kabiguang ipatupad ang mga plano ng Komite Sentral at pinatinding atake ng estado.

Mula Disyembre 2024 hanggang Nobyembre ngayong taon, umabot sa 320 mga rebolusyonaryo ang namartir kung saan 117 ay kababaihan. Hindi bababa sa 237 sa kanila ay myembro ng Partido. Walo ay antas Komite Sentral, kabilang ang pangkalahatang kalihim ng Partido na si Kasamang Basavaraju, 15 ang antas komite ng estado, 25 ang antas distrito, at 73 ang antas komite sa erya. Mayroon 13 mula sa PLGA at 33 mga kadre at aktibista ng organisasyong masa.

Para makabawi ng lakas, nanawagan ang CPI (Maoist) na paigtingin ang paglaban sa Operation Kagar sa buong bansa. Itinutulak ng Partido na tukuyin at iwasto ang naging mga pagkakamali sa nagdaang 22 buwan para mapigilan ang higit pang mga pagkatalo. Dapat din umanong pag-aralan at suriin ang obhetibong kalagayan at suhetibong pwersa sa bawat erya para muling pasiglahin ang Partido, makonsolida ang PLGA at ang mga organisasyong masa.

Isa sa mga naunang natukoy ng Partido na pagkakamali nito, laluna sa digmang bayan, ay ang pagpapakitid sa sarili sa pagpapaliit ng eryang nakikilusan. Anito, dapat kumilos sa mas malalapad na saklaw ang hukbo at huwag manatiling sentralisado. Partikular na halimbawa nito ang kabiguang maglipat ng tropa ng PLGA mula sa rehiyong Dandakaranya, na episentro ng Operation Kagar, tungo sa ibang rehiyon.

Liban dito, inilahad rin ng Partido ang pangangailangang ilantad, itakwil at tunggaliin ang mga taksil sa rebolusyon. Pinakabantog sa mga taksil na ito sina Sonu (Mallojula Venugopal Rao), dating myembro ng Kawanihan sa Pulitika ng CPI (Maoist), at Satish (Takkallapalli Vasudeva Rao) na aktibo nang nagpapagamit ngayon sa rehimeng Modi. Sumuko sila noong Oktubre, at naghikayat ng iba pa noong Nobyembre. Umabot sa 299 indibidwal ang nakaladkad ng pangkat at nagsalong ng hindi bababa sa 277 armas ng PLGA at Partido.

"Sa panahong ito, tungkulin nating baklasin ang takot at pagkabalisa sa ating hanay, magpakita ng tapang at palakasin ang kumpyansa ng ating Partido," ayon sa CPI (Maoist). Dagdag nito, sa tindi ng krisis sa bansa ay higit na lumilinaw ngayon ang pangangailangang pamunuan ng Partido ang pangkalahatang makauring pakikibaka ng masang Indian para ibagsak ang paghahari ng mga imperyalista, malalaking kumprador, at mga panginoong maylupa.

Pagpapakita ng determinasyong sumulong ng rebolusyonaryong kilusan ng India ang pagdiriwang nito sa ika-25 anibersaryo ng PLGA noong Disyembre 2. Sa Linggo ng Pagdiriwang mula Disyembre 2-8, inilunsad sa kagubatan, kapatagan, at sentrong urban, ang mga pulong ng grupo at maliliit na pagtitipon. Nagpaskil at namahagi ang mga rebolusyonaryo ng mga poster at polyeto para ipanawagan ang pagpapalakas at pagsali sa PLGA. Inilunsad ito nang may mahigpit na pag-iingat at pagpaprayoridad sa seguridad dahil sa pinatinding atake ng estado. AB